SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE SECRETARY
OFFICIAL RECEIVED
DATE: 1-22-25
TIME: 10:00
BY: Rosa

# PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2024-32

**"REGULASYON SA PAGSASAGAWA NG FILM SHOOTING, TAPING AT IBA PANG MGA KAHALINTULAD NITO SA BAYAN NG BUSTOS."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. John Erick L. Perez**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Libangan**

---

**SAPAGKA'T,** ang bayan ng Bustos ay pinagkalooban ng likas na yaman at makasaysayang lugar na lubhang nakakaakit sa mga turista at mga film producers;

**SAPAGKA'T,** ang lalawigan ng Bulacan ay malapit sa kamaynilaan na sentro ng entertainment na nagiging maalwan sa mga gumagawa ng pelikula;

**SAPAGKA'T,** nais ng Pamahalaang Bayan ng Bustos na mapangalagaan ang mga film producers at mga artistang nagsasagawa ng mga pelikula, taping at iba pang mga kahalintulad nito;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ**, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga Kasangguning dumalo sa pulong na ito:

**ISINASABATAS, gaya ng dito ay ISINASABATAS**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos ang mga sumusunod:

***Seksyon 1. Pamagat*** – ang kautusang ito ay kikilalanin bilang "KAUTUSAN UKOL SA REGULASYON SA PAGSASAGAWA NG FILM SHOOTING, TAPING AT IBA PANG MGA KAHALINTULAD NITO SA BAYAN NG BUSTOS".

Igg. Raymond R. Perez
Igg. Wilfredo G. Canoza
Igg. John Erick L. Perez
Igg. Aljhaneal E. Quiñones
Igg. Soliman C. Santos
Igg. Phillip Wayner B. Santos
Igg. Juliet DJ. Dela Cruz
Igg. Marie Niña Nickie Perez, MA
Igg. Leo T. Santos

Igg. Martin SJ. Angeles, MMPA
Igg. Francis Albert G. Juan

***Seksyon 2. Pagpapahayag ng Patakaran*** – Polisiya ng Pamahalaang Bayan na magkakaroon ng isang kautusan na mangangalaga sa mga film producers na nagsasagawa ng paggawa ng mga pelikula, taping at iba pang mga kahalintulad nito.

***Seksyon 3. Saklaw*** – Saklaw ng Kautusang ito ang mga nagnanais na gumawa ng mga pelikula, taping at iba pang mga kahalintulad nito. Gayundin ay sinaklaw nito ang mga Barangay at Pambayang Kapulisan.

***Seksyon 4. Pagpapatupad***

1. Ang mga film producers na nagnanais na magsagawa ng kanilang shooting, taping at iba pang kahalintulad nito ay kinakailangang kumuha ng mga pahintulot (Mayor's Permit) sa Tanggapan ng Pambayang Tanggapan sa Paaglilisensya sa Negosyo (BPLO) at para sa ilan pang pagpoproseso ng permit.

2. Ang nasabing permit ay may halagang bayarin na nakabatay sa Seksiyon 149 ng Municipal Ordinance No. 2014-04 "Revenue Code ng Bayan ng Bustos."

3. Ang bayarin ukol sa permit ay kinakailangang bayaran sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman.

4. Ang nasabing film producer ay makikipag-ugnayan din sa Tanggapan ng Pamahalaang Barangay at Pambayang Kapulisan kung saan gaganapin ang shooting, taping at iba pang kahalintulad nito.

5. Ang mga Barangay Tanod o Kapulisan ang mangangalaga sa katahimikan at kaligtasan ng mga magsasagawa ng shooting, taping at iba pang kahalintulad nito.

6. Pinapayuhan ang mga film producers na makipag-ugnayan din sa mga kapulisan o barangay tanod na nakasasakop kung saan gaganapin shooting upang isaayos ang kanilang mga lulugaran upang hindi makaabala sa trapiko.

7. Iminumungkahi ng Pamahalaang Bayan na maaaring umupa ang mga film producer ng hotel o anumang puwedeng gawin pahingahan ng mga artista, crew at iba pang mga tauhan ng produksyon sa bayan ng Bustos.

Igg. Raymond R. Perez
Igg. Melvyan F. Juan
Igg. Wilfredo G. Canoza
Igg. John Erick L. Perez
Igg. Aljhaneal E. Quiñones
Igg. Soliman C. Santos
Igg. Phillip Wryner B. Santos
Igg. Juliet DJ. Dela Cruz
Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA
Igg. Leo T. Santos

Igg. Martin SJ. Angeles, MMPA

Igg. Francis Albert G. Juan

***Seksyon 5. Kaparusahan*** – ang mga film producer na hindi tatalima sa kautusang ito ay hindi pahihintulutang magsagawa shooting ng pelikula, taping ng teleserye at iba pang mga kahalintulad nito.

***Seksyon 6. Paghihiwalay na Sugnay*** – Alinmang bahagi o mga bahagi ng ordinansang ito na mapapatunayang labag sa batas ay hindi mapapawalang bisa sa ibang bahagi na siyang mananatiling may bisa at epektibo.

***Seksiyon 7. Pagpapawalang Bisang Sugnay*** – Ang lahat ng ordinansa, resolusyon o batas na salungat sa ordinansang ito ay pinawawalang bisa.

***Seksiyon 8. Pagkakabisang Sugnay*** – Ang ordinansang ito magkakabisa matapos lagdaan at/o pagkatapos mapaskil sa loob ng labing lima (15) araw sa hayag na lugar at paglathala sa sirkulasyon.

**ISINASABATAS,** ngayong ika-23 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**Igg. Francis Albert G. Juan**

—— ■ ——

## PAGPAPATUNAY:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay isinabatas ng Sangguniang Bayan ngayong ika-23 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

*Sinang-ayunan:*

Nilagdaan ngayong ika-21 ng January 2025

**FRANCIS ALBERT G. JUAN**
Punong Bayan

Igg. Raymond R. Perez

Igg. Merlyan P. Juan

Igg. Wilfredo G. Canoza

Igg. John Erick L. Perez

Igg. Alihancal E. Quiñones

Igg. Soliman C. Santos

Igg. Phillip Wryner B. Santos

Igg. Juliet DJ. Dela Cruz

Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA

Igg. Leon I. Santos

Igg. Martin SJ. Angeles, MMPA